

PROLOGUE

Thirteen years ago...

Nagkatinginan ang dalawang batang nasa magkabilang dulo ng stage. Ang babae na naka-uniform ng yellow skirt at white blouse with yellow ribbon ay pumuwesto sa kanang bahagi, samantalang ang batang lalaki ay naka-uniform ng black pants at white polo na may logo ng sikat na school nito.

Inter-school Quiz Bee at championship round na. Ang dalawang bata ang maglalaban kung sino sa kanila ang mag-uuwi ng gold medal at trophy plus ten thousand pesos cash. Ang matatalo ay may trophy pa rin, pero mas maliit kesa sa champion, plus silver medal. Mag-uuwi naman iyon ng five thousand pesos.

Parehong matalino at listo ang dalawang bata— obvious na parehong gustong manalo. Galing sa private school for boys ang batang lalaki samantalang ang batang babae ay galing sa public school, at marami itong dalang *tagapala* or *tagapalapak*.

Kahit paano ay na-distract ang batang lalaki dahil nakikita niyang popular ang kalabang

babae. Cute pa naman ito pero mukhang hindi talaga patatalo. Magkasalubong ang mga kilay habang nagku-concentrate sa pagsagot sa mga tanong.

Kung mananalò siya, naisip ng batang lalaki, tiyak na magagalit sa kanya ang batang babae. Ano ba naman ang medal at trophy? Puwede naman siyang magpabili sa lola niya. Saka hindi naman ganun kadami ang ten thousand pesos, mas mahal pa nga iyong hiniling niyang desktop computer noong Pasko.

Sa kakaisip ay hindi niya narinig ang huling question ng Quiz Bee Master. At nasagot iyon ng batang babae kaya ito ang nanalo. Second place lang siya!

Pero okay lang, ngumiti naman sa kanya ang batang babae.

Sana magkita uli kami, nahiling niya habang pinapanood itong tumatawa.

1

At present...

Feeling ni Maita ay naka-jackpot siya sa Greenhills. Mura lang kasi ang secondhand cellphone na nabili niya. Apat na libo lang, samantalang may HD camera na iyon, 4G RAM, at octacore pa ang processor! Hindi China-made ang naturang cellphone—walang nakalagay na Chinese symbols. In short, orig! At mukhang bago pa. Walang gaanong gasgas, makintab na makintab!

Pagkapirma niya sa resibo at matapos makuha ang kopya ay agad na umalis ang bente tres anyos na dalaga. Baka kasi magbago pa ang isip ng nagbenta sa kanya at bawiin ang cellphone!

Mula Greenhills ay sumakay si Maita ng *G-Liner* na bus patungong Sta. Mesa dahil doon siya nakatira. May boarding house siyang inuupahan sa may likod ng *SM*.

Nagtuturo siya ng English sa mga Koreano habang naghahanap ng mas stable na trabaho. Kahit medyo maganda ang kinikita niya sa kasalukuyang raket, gusto pa rin niya iyong normal sanang trabaho. Graduate naman siya ng

Tourism sa probinsya nila at nagbabaka-sakali siyang makakita ng maayos na mapapasukan sa Maynila.

Ilang hotels na rin ang napagpasahan niya ng resume pero wala pang tumatawag sa kanya. May working experience naman siya kung tutuusin—nagtrabaho siya bilang service crew sa fastfood noong nag-aaral pa hanggang sa maging Assistant Manager. Pero sawa na siya sa amoy ng mga hamburger at French fries. Gusto niya iyong medyo sosyal naman sanang working environment. Ang target niya ay maging receptionist ng isang five-star hotel. O kahit sa four-star hotel muna. Kahit nga sana sa isang travel agency. Basta gusto niya iyong mai-apply naman ang napag-aralan niya kahit paano.

At parte nga ng kanyang positive motivation in life ay ang pagbili ng bagong cellphone—kahit segunda mano lang, basta't mapalitan ang kanyang lumang cellphone. Panahon pa yata iyon ni *Zuma*—ni hindi colored at wala kahit polytones.

Hindi naman kasi siya makapag-ipon nang malaki dahil nagpapadala pa siya ng pera sa

probinsya. May dalawa pa kasi siyang kapatid na nasa elementary. Ano lang ba ang kinikita ng mamang niya? May tindahan sila ng bigas sa palengke pero siyempre, hindi pa rin sapat iyon. Ang papang niya ay barangay tanod sa kanila, allowance lang din ang nakukuha. Kaya hindi man siya inoobliga ng mga magulang, kusang-loob siyang nagpapadala sa pamilya para makatulong.

Kaya ang apat na libong cellphone, kung tutuusin, ay luho nang matatawag. Pero kahit papano, gusto rin naman ni Maita na magkaroon ng magandang cellphone bilang representation. Para naman hindi nakakahiya sa mga tinuturuan niya. At para hindi na siya pagtawanan ng kanyang mga boardmates. Palibhasa mga matapobre yata ang mga kasama niya; kung laitin ang dati niyang cellphone, para bang mortal na kasalanan ang magkaroon niyon.

Puwes, mamatay kayo ngayon sa inggit! Hindi napigilan ni Maita ang mapangiti habang nasa loob ng bus. Nagtaka tuloy sa kanya ang kundoktor.

Bumaba ang dalaga sa kanto bago kumanan

ang *G-Liner* bus patungong *SM Centerpoint* sa Sta. Mesa. Naglakad lang siya nang konti at sinapit na niya ang dalawang palapag na boarding house. Agad siyang dumiretso sa isang maliit na kuwartong inuupahan at ini-lock iyon. Kinuha niya ang bag at inilabas ang bagong biling cellphone, pati na rin ang luma para matanggal niya ang sim card.

Tuwang-tuwa si Maita dahil mamahalin na ang gamit niyang cellphone. In-explore niya iyon at sinubukan ang ibang application na naka-install. Pero nagulat siya nang buksan ang media files dahil may naka-store pa rin doon na mga pictures at video!

Lalong nanlaki ang mga mata ni Maita nang mabuksan ang isang malaswang video ng dalawang taong nagtatalik!

Sex video! Agad na konklusyon niya. Napa-sign of the cross tuloy ang dalaga. Feeling ni Maita ay hindi alam ng babae na kinukunan pala siya ng video kaya nakaramdam siya ng awa. Hindi niya nakayanan ang pinapanood, ini-stop niya iyon. Tiningnan niya ang ibang video, pati mga photos. May mga solo photos iyon, may ilang family pictures pa kung saan

naroroon ang babae. Pero ang lalaking kasama nito sa video ay iba.

Oh, shit. Saka lang napagtanto ni Maita na may kalaguyo ang babaeng dating may-ari ng cellphone!

Hinala ng dalaga ay nakaw ang cellphone na hawak niya at ibinenta lamang sa Greenhills na binili naman niya.

Kaya mura!

Nakaramdam ng guilt si Maita. Ano ang gagawin niya? Bakit naman kasi hindi niya agad chineck kanina bago binili? Pero alam din niya ang sagot. Nasilaw siya dahil mura ang presyo at maganda ang cellphone! Tao lang siya at natukso. Pero alam niyang mali.

Sayang ang four thousand. Katumbas din iyon ng twenty hours na trabaho niya sa loob ng sampung araw. Two hundred per hour kasi ang bayad sa kanya ng mga Koreano kapag one-on-one tutorial. Mas mababa pag sa Korean Center siya tumanggap ng mga estudyante. May cut kasi ang center. One hundred fifty na lang ang napupunta sa kanya. Naisip din ni Maita na kung ibabalik nga niya ang cellphone,

paano? Wala naman ang number ng babae sa mismong unit. Baka nasa lumang sim card iyon na itinapon na.

Gusto tuloy magsisi ng dalaga. Bakit ba kasi naisipan pa niyang bumili sa Greenhills? Sana sa mall na lang siya namili. Meron namang mga tindang cellphone sa SM, sana hindi na siya dumayo sa Greenhills. Wala sana siyang problema ngayon.

Pero sabi nga sa librong nabasa niya, *everything happens for a reason*. Hindi dapat siya magsisi sa mga desisyong nagawa niya. Ang dapat niyang gawin ay mag-isip ng mga positive na bagay. Para pumasok ang grasya.

2

Bored na si Kevin. Kanina pa daldal nang daldal ang kausap niya, wala naman siyang maintindihan sa sinasabi nito. Ang alam niya, binibentahan siya nito ng surveillance camera pero masyadong technical ang mga terms at hindi niya ma-gets.

“So ano, sir, kukuha ho ba kayo?” tanong ng lalaking ahente. Payat ito at maluwag ang suot na long-sleeves polo, halatang mumurahin. Nasa anyo nito ang pag-asam na sana ay bumili siya.

Naawa naman siyang tumanggi. Kahit paano, naghirap naman ito sa pagbiyahe at pagpunta sa trabaho. Saka ipinakiusap kasi sa kanya ng Yaya Pacing niya na tulungan ang ahente dahil apo daw nito sa pamangkin ang lalaki. Itinext pa sa kanya noong isang linggo.

“Magkano uli ‘yan?”

“Fourteen thousand ho, kasama na ang installment.”

Kumuha ng kinse mil sa wallet si Kevin saka iniabot sa lalaki.

“Tip ko na sayo ang one thousand,” aniya.

Naisip ni Kevin na kesa mapunta sa gimikan ang pera, mas mabuti na rin sigurong maitulong na lang niya sa iba.

Halos lumundag sa tuwa ang ahente, kulang na lang ay yakapin siya nito.

“Thank you, sir! Thank you po!” Hindi ito magkandaugaga sa pagpapasalamat. “Ipapa-install n’yo na ba ngayon?”

“Hindi. Huwag na muna. Saka na.”

“Sir, tawag lang po kayo anytime kapag may kailangan kayo ha?” sabi ng lalaki habang nagsusulat sa resibo. Pagkatapos ay iniabot nito iyon kay Kevin. Sinamahan pa nito iyon ng calling card.

“Sige lang.” Kinuha ni Kevin ang card at binasa iyon. Saka inilapag sa side table.

Pagkatapos maibigay ang buong box ng surveillance camera at ilang kable, nagpaalam na ang ahente na hindi mailarawan ang mukha sa sobrang katuwaan.

Nang wala na ang ahente ay tinawagan na ni Kevin ang kanyang Yaya Pacing na nasa

probinsiya. Ang may-edad na babae ang nagpalaki sa kanya. Sanggol pa lang siya ay ito na ang nag-alaga sa kanya kaya malapit siya rito.

“Ayan, bumili na ako ng ibinibenta ng apo n’yo ha?” bungad niya sa phone nang marinig ang boses ng kanyang yaya.

“Naku, anak, salamat! Malaking tulong ‘yun kay Bobby!” Ang tinutukoy nito ay ang ahente. “Ikaw ang first customer niya!”

“Aanhin ko naman ho itong surveillance camera?” natatawang tanong ni Kevin. Kung hindi lang sa pakiusap sa kanya ni Yaya Pacing, hindi naman siya bibili, eh. Hindi naman siya VIP para magkaroon pa ng mga camera-camera na iyan.

“Malay mo, magamit mo?”

“Yaya, nakatira ho ako sa condo. Sa lobby pa lang at mga elevators eh tadtad na ng camera.”

“Basta alam kong mapapakinabangan mo rin ‘yan,” giit ni Yaya Pacing. Kaya hindi na kumontra ang binata.

Matapos ang ilang minutong pangungumusta ay nagpaalam na rin si Kevin. May pupuntahan

pa kasi siyang party sa Makati.

Fine Arts graduate ang bente tres anyos na si Kevin. Wala siyang permanenteng trabaho—puro raket lang kapag may project. Kapag hindi gumagawa ng storyboard sa mga advertising agencies, nagpipinta siya. Marami din siyang oras sa kanyang social life—

bagay na hindi approve sa kanyang pamilya. May food processing business kasi sila sa probinsya. Malaki ang kanilang farm sa Batangas. Ang tatlo niyang kapatid ay lahat involved sa kanilang negosyo, pati na rin ang kanilang papa. Pero siya, mas pinili niyang i-pursue ang kanyang pagiging ‘artist.’

Malakas ang loob niyang magpaka-artist dahil may trust fund talagang inilaan para sa kanya ang kanyang namayapang lola. Kahit twenty years siyang hindi magtrabaho, mabubuhay siya. May monthly allowance din kasi siyang natatanggap mula sa kanilang family corporation.

Matagal nang natanggap ng mga kapatid niyang babae na iba ang gusto niya sa buhay,

hindi siya mahilig sa negosyo. Gayunpaman, paminsan-minsan ay sinusubukan pa rin siyang kumbinsihin ng mga ito. Pero ano ang magagawa niya? Hindi niya talaga type ang magbantay sa farm o sa mga ginagawang tapa at tocino?

Ang papa lang naman ni Kevin ang talagang tahasang nagsasalita na hindi nito gusto ang kursong kinuha at ang kanyang mga paraket-raket. Hanggang saan daw siya dadalhin ng pagpipinta niya? Nag-aalala kasi itong mamulubi ang bunsong anak dahil sa kaka-*art!*

“You can’t blame your father,” sinabi sa kanya ng mama niya nang minsang nagkausap sila nang masinsinan. *“Galing kasi sila sa hirap. He worked his way to finish college. Nagsikap talaga siyang makaalis sa Mindoro, nagtrabaho sa pier sa Batangas habang nag-aaral. Madami siyang pinagdaanan and I know, ayaw niyang maranasan n’yo ‘yun.”*

“Maganda naman ang takbo ng negosyo natin, di ba? May kanya-kanya naman kaming trust fund.”

“Kasi ipinagpilitan ‘yun ng mga lolo at lola mo. Ayaw kasing tumanggap ng papa mo ng kahit ano from my parents. Alam mo naman ‘yun, masyado

ring mataas ang pride. Kaya sa inyong mga anak ko ibinigay ang mga naiwan nilang pera.”

Typical poor boy meets rich girl kasi ang kuwento ng parents ni Kevin. Noong una ay kontra ang lolo at lola niya sa papa niya dahil akala nila, oportunistang ito. Pero pinatunayan ng papa ni Kevin na kaya nitong bigyan ng magandang buhay ang pamilya. Masipag kasi at matalino, bukod sa maabilidad pa. Kaya nagkaroon sila ng malaking farm at umunlad ang negosyo.

“Masuwerte ka nga. At least, nagagawa mo ang gusto mo. Nasunod mo ang passion mo,” makahulugang sabi ng mama niya.

Alam ni Kevin na sa ina siya nagmana ng kanyang talento sa pagpipinta. Magaling itong mag-drawing. Ang gusto pala nito dati ay maging fashion designer, pero Medicine ang pinakuha ng parents nito kaya ito naging doktor. May private clinic ito na katabi lamang ng bahay nila at may libreng konsulta pa para sa mga tauhan nila sa farm. Ang mama din niya ang nangunguna sa mga medical mission para sa mga kababayan nila kayt iginagalang ito sa kanila.

To Live, To Love, and To Laugh by Averiz Gale

Dati ay once a month siyang nakakauwi sa kanila. Pero nitong nakaraan ay isang beses na lang kada dalawang buwan siya nakakabisita. Minsan, inaabot ng tatlong buwan bago siya makauwi. Busy naman nga kasi siya, in fairness. Malakas ang raket niya sa TV commercials.

3

“Ako talaga ang hinahanap?”

Sinilip ni Maita ang sinasabi ng landlady niya na naghahanap daw sa kanya. Hindi naman niya kilala ang tatlong lalaking nasa labas, bukod pa sa mukhang mga goons ang mga iyon!

“Oo. May ipinakita pa silang xerox copy ng isang resibo, pangalan mo ang nandun at nakapirma ka,” sagot ni Mrs. Leon. Biyuda ito, nasa 50s at ang tanging kabuhayan ay ang boarding house na tinitirhan niya.

“Resibo? Saan nila nakuha iyon?” Hindi naman taga-Korean Language Center ang mga naghahanap sa kanya. “Ano ho ang sinabi n’yo?”

“S’abi ko titingnan ko kung nandito ka kasi hindi ko kako minu-monitor ang mga tenants ko.”

Pito kasi ang kuwarto sa boarding house na iyon. Ang tatlo ay may tig-aapat na bed spacers at ang apat ay para sa mga single boarders. Kaya marami talaga silang nakatira doon.

“Tama ho ang sinabi n’yo. Hindi ko ho kasi kilala ang mga ‘yan, saka parang nakakatakot. Wala akong tiwala sa kanila, eh.”

“Oo nga, eh. ‘Yun din ang naisip ko,” sang-ayon ni Mrs. Leon. “Ano’ng gagawin natin?”

“P-pakisabi ho na wala ako... Na umalis pala ako kasi nakakandado ang kuwarto.” Dasal ni Maita na sana maniwala ang mga iyon. “Saka pakitanong na din ho kung ano ang kailangan nila. Ibilin na lang kamo sa inyo.”

Agad na tumango ang may-edad na babae, saka lumabas. Mula sa maliit na bintana ng kuwartong inuupahan ay nasilip ni Maita na kinausap ni Mrs. Leon ang mga lalaki. Nakita rin niya na kahit nakabalik na sa loob ng boarding house ang landlady niya ay hindi agad umalis ang mga estranghero. Nag-usap-usap pa ang mga iyon habang nakatingin sa boarding house nila. Hindi tuloy napigilan ng dalaga ang kaba. Call it intuition pero hindi talaga maganda ang vibes niya sa mga naghanap sa kanya.

“Naku, Maita, may binilin sila!” Dali-daling isinara ni Mrs Leon ang pinto pagkapasok nito sa kuwarto niya. May pag-aalala sa anyo nito.

“Ano daw po?”

“Kailangan mo daw ibalik ang cellphone na binili mo sa Greenhills!”

“Ha?” Gulat na gulat ang dalaga sa sinabi ng landlady. Paano nalaman ng mga taong naghanap sa kanya ang tungkol sa cellphone na binili niya kamakailan lang?

“Oo! Nakaw daw kasi ‘yun at amo nila ang tunay na may-ari!”

Namutla si Maita. Naalala niya ang mga photos at videos na nasa cellphone. Malamang na ang babaeng nasa sex video ang tinutukoy na may-ari ng cellphone. Pero ang tanong, paano siya na-trace?

“Ang sabi n’yo po, may hawak silang resibo? Tama ho ba?” tanong niya.

Tumango ang may-edad na babae.

“Pinuntahan yata nila ang tindahang pinagbentahan ng cellphone at nalaman nga nilang naibenta na iyon.”

“Kaya nila hawak ang resibo dahil tiningnan nila kung kanino nabenta ang cellphone?” “Yun lang ang pwedeng maging explanation kung

paano siya na-trace.

“Eh malamang. Kasi pano naman nila malalaman ‘yun, di ba?” Hinawakan ni Mrs. Leon ang braso ni Maita. “Eto pa, hija. Pakiramdam ko, may sinasabi sa buhay ‘yung may-ari ng cellphone. Kasi tingnan mo naman, may mga tauhan saka, kakaiba ang mga kilos!”

Iyon din ang obserbasyon ng dalaga. Saka tumatakbo ang utak niya. Sino ang may-ari? Tiyak niyang makapangyarihan ito kasi, sa dinami-dami ng tindahan sa Greenhills, nagawa nitong halughugin at matumbok ang shop kung saan niya nabili ang cellphone.

“Wala naman hong problema kung gusto nilang bawiin ang cellphone. Hindi ko naman ho alam na nakaw ‘yung nabili ko eh. Basta ba ibalik nila ang four thousand ko!”

Sa loob-loob ng dalaga, ano, ganun na lang ‘yun? Hindi naman niya pinulot sa kalye ang pera, pinagtrabahuan niya yun kaya kung babawiin din lang sa kanya ang binili niyang cellphone, eh di bawiin din niya ang perang ibinayad niya. Para fair!

“Tiyak na babalik ang mga ‘yun. Kasi tinanong

nila kung regular ka daw bang nagtatrabaho.”

“Hayaan n’yo po, haharapin ko po sila pagbalik nila.”

“Sige. Basta ayusin mo ‘yan ha? Ayoko kasing may mga ganyang pumupunta dito. Nakakanerbiyos!”

Pag-alis ni Mrs. Leon ay ini-lock na ng dalaga ang pinto saka humiga at nag-isip.

Hihintayin ba ni Maita ang mga mukhang goons na iyon bukas? Pero anong oras ba darating ang mga iyon? May tuturuan kasi siyang estudyante bukas, tatlong oras din iyon. Sayang ang kita kung magpapa-cancel siya.

Kung basta na lang niya iiwan ang cellphone kay Mrs. Leon, baka kunin lang ang unit at hindi ibalik sa kanya. Lugi siya! Kaya alam niyang dapat talaga ay makausap niya nang pormal ang mga taong naghanap sa kanya.

Bahala na si Batman!

Itinulog na lang ng dalaga ang agam-agam.

Maagang umalis ng bahay si Maita dahil ayaw niyang ma-traffic. Alas siyete pa lang

ay nakasakay na siya ng jeep papuntang Taft Avenue kung saan sasakay siya ng *LRT* papuntang Pasay Rotonda. Doon nakatira ang isang Korean student na tinuturuan niya ng English. Alas otso y medya ang usapan nila hanggang alas onse y medya.

Nagbilin naman siya sa landlady niya na babalik din bandang ala una ng hapon. At kapag may naghanap, it was either hintayin siya o balikan sa hapon. Handa naman siyang humarap nang maayos. Kailangan lang muna talaga niyang unahin ang paghahanap ng kita!

Kabababa lang ni Maita sa tricycle nang mamataan ang itim na *Pajero* na naka-park sa harap ng kanyang boarding house. Alam niyang iyon ang sasakyan ng mga naghanap sa kanya nang nakaraang araw. Kinalma niya ang sarili saka pumasok na sa gate.

Kitang-kita ng dalaga na tila nakahinga nang maluwag ang landlady niya nang pumasok siya sa sala ng boarding house. Naroroon ang dalawa sa tatlong naghanap sa kanya.

“Andito na pala siya.” Tumayo ang may- edad na babae at agad na lumapit sa kanya. “Hinahanap ka nila.” Itinuro nito ang mga

nakaupo sa sofa.

“Good afternoon po,” magalang na bati ni Maita.

Ni hindi ngumiti ang dalawa. Nagpaalam naman na pupunta ng kusina si Mrs. Leon.

“Ikaw si Maita?” tanong ng matangkad at maitim na lalaki.

Tantiya ng dalaga ay nasa late-40s ito. Payat ito pero mukhang hindi magpapahuli nang buhay. Certified goon, sa kanyang pananaw!

“Ako nga po.” Hindi nagpahalata si Maita na biglang kumabog ang dibdib niya. Bakit ba siya kinakabahan?

“Nasaan ang cellphone na binili mo?” Mas maliit nang konti ang nagtanong, parang kontrabida sa pelikula. Bigyan lang ng jacket na maong, puwede nang kalaban ni Robin Padilla!

“Nandito. Bakit?”

“Nakaw ang cellphone na ‘yan, Miss. Puwede ka naming kasuhan,” wika ni Tall Goon.

“Kasuhan? Bakit, pulis ba kayo?” Hindi napigilan ni Maita ang bahagyang maging sarcastic.

“Bumili ka ng nakaw na bagay,” sabad naman ni Kontrabida sa Pelikula. “Nandito kami para bawiin ‘yun. Ibalik mo na lang kung ayaw mong makulong.”

“Teka, ang tanong ko, pulis ba kayo?”

“Oo,” walang kagatul-gatol na pahayag ni Kontrabida.

Agad na tumaas ang kilay ni Maita.

“Puwedeng makita ang badge?” Probinsyana nga siya pero hindi siya tanga. Ano kaya ang akala nitong mga kaharap niya? Tanga siya?

Inilabas ng matangkad na lalaki ang xerox copy ng resibo ng pinagbilhan niya sa Greenhills.

“Eto ang ebidensiya na ikaw ang bumili ng cellphone. Ngayon, aamin ka ba o hindi?” asik nito sa kanya.

“Hindi ko naman dini-deny na ako ang bumili. Ang gusto ko lang malaman ay kung totoong mga pulis kayo. Kasi bigla na lang kayong dumating dito at nagde-demand na ibalik ko ‘yung binili ko. Eh, paano naman ang ibinayad ko?”

“Alam mo, miss, kung tutuusin, pwede ka

talagang kasuhan. Pero ang gusto nga namin ay ibalik mo lang ang cellphone. ‘Yun lang ang pakay namin dito.’ Ang maliit na lalaki ang nagsalita.

“Ang sa akin naman ho, ibabalik ko lang ang cellphone kung maibabalik n’yo rin ‘yung ibinayad ko. Kasi four thousand din ho ‘yun. Pinaghirapan ko hong kitain ‘yun, eh.” May diin ang bawat salita niya.

Kaya naman malakas ang loob ng dalaga ay dahil nasa loob siya ng boarding house. Maraming tao doon, alam niyang hindi siya maaagrabyado doon kung saka-sakali.

“Wala kaming perang maibabalik sayo, kasi kaya kami nandito ay para bawiin ang cellphone ng amo namin.” Si Tall Goon naman ang nagsalita.

“Eh, sorry ho pero hindi ko maibibigay ang cellphone hangga’t walang four thousand,” matigas ding sagot niya.

May ilang minuto pa silang nagdebate pero hindi talaga natinag ang dalaga. Sinabi niyang anytime ay puwede niyang ibalik ang cellphone basta ibalik din sa kanya ang pera niya. Nakita

niyang galit na ang dalawa pero pilit na binababaan ang boses, hindi ipinapahalata ang inis dahil may mga boardmates siyang maya't maya ay dumadaan sa sala.

Nang ma-realize na hindi talaga nila makukuha ang cellphone ay tumayo na ang dalawa at nagsabing aalis na.

“Siguraduhin mo lang, miss, na walang lalabas na anumang impormasyon na galing sa cellphone na nasa sayo, kung hindi, patay ka sa amin.” Nakangiti ang maliit na lalaki nang sinabi iyon pero ang pagbabanta ay naroroon. At alam ni Maita na hindi nagbibiro ang mga ito!